

Ang Konseptong Idolatria O Pagsamba Sa Diyos-diyosan

Brian S. Rosner

Si Brian Rosner ay nagtuturo ng Bagong Tipan sa Aberdeen University. Mayroon siyang detalyadong sinulat na ilalathala patungkol sa idolatria, at ang kilalang salin nito ay ililimbag ng IVP na may pamagat na "*How To Get Really Rich.*"

[21]

Ang konseptong idolatria o pagsamba sa diyos-diyosan sa Biblia ay makapangyarihan, masalimuot, iba't-iba at puno ng suliranin. Bagamat, sinulat nila Harbortal at Margalit, "ang sentro prinsipyong teologikal sa Biblia ay [ang pagtutuligsa sa] idolatria" (10),¹ Isang kabaliktaran na ang kategoryang inaakalang matibay at mahigpit sa lahat...[ay nagpapakita] ng mga di inaasahang pagkakaiba-iba" (250)².

Paglaban Sa Idolatria

Sa Biblia walang ibang mas matinding paratang na hihigit pa sa idolatria. Ito ay tumatanggap ng pinaka mahigpit na parusa, nagreresulta ng pinaka mapanghamak na argumento, nag-uudyok ng labis na pag-iwas at itinuturing na pangunahing pakakilanlan ng mga taong hindi kabilang sa mga tao ng Diyos, na tinatawag na Hentil. Pangunahin sa buhay at pananampalataya ng Israel ay ang Unang Kautusan at ang pagpapaliwanag nito sa kanilang *Shema* (Dt. 6:4-5), na una pa man ay kinikilalang pumapatungkol sa bawat aspeto ng pamumuhay. Maging ang unang iglesia, itinuturing nila na malubhang kasalanan ang pagsambang sa diyos-diyosan.

Ang Idolatria ay ang pinakamataas na kapahayagan ng hindi pagiging tapat sa Diyos at dahil dito ito ay isang okasyon para sa matinding kaparusahan mula sa langit.³ Ang paglalarawan sa mga hari sa 1 at 2 Hari ay kapuna-puna. Ang mga hari ay sinasabing mabuti o masama batay lamang sa basehang pangrelihiyon, na ibig sabihin, kung kanila bang winasak and mga diyos-diyosan o ipinakilala pa ito. Si Omri, na isa sa mga dakilang hari ng Israel, ay isang malinaw na halimbawa. Bagamat sa kanyang mga kahangahangang nagawa sa aspetong politikal at ang 'kapangyarihang kanyang ipinakita' (1 Hari 16:27), minsan lamang siyang nabanggit, sapagkat "Ibinulid din niya

¹ Harbortal and Margalit, *Idolatry*, Harvard University Press, 1992.

² Harbortal and Margalit, *Idolatry*.

³ Cf. Lev.26:27-33; Mga Bilang 33:51-56; Dt.29:16-28

ang mga Israelita sa pagsamba sa mga diyos-diyosan, kaya't nagalit sa kanila si Yahweh." (1 Hari 16:26). Ang paksang pagsamba sa diyos-diyosan ay laganap din sa Bagong Tipan.⁴

Ang basehang teologikal ng kahatulang ng idolatria ay ang paninibugho (o selos) ng Dios. Ang paniniwala na ang pagsamba sa diyos-diyosan ay nagbubunsod sa paninibugho ng Diyos ay matibay na tema ng Lumang Tipan at may mahabang kasaysayan. Ipinakilala ito sa Ikalawang Kautusan (Ex.20:5; Dt. 5:8-10) at sa Exodo 34:14 ("Huwag kayong sasamba sa ibang diyos sapagkat akong si Yahweh ay Diyos na mapanibughuin; ang pangalan ko'y Mapanibughuin.") ito ay pagpapaliwanag sa banal na Pangalan, "Mapanibughuin". Sa katunayan lahat ng mga talata patungkol sa pagiging mapanibugho ng Diyos ay may kinalaman sa pagsamba sa diyos-diyosan. Ang pagsamba sa diyos-diyosan sa Ezekiel 8:3 ay tinatawag na "imahen ng paninibugho, na nag-uudyok ng paninibugho" (ihambing Ezk.16:38, 42; 23:25).

Ang paniniwalang ang paninibugho ng Diyos ay tiyak na mag-uudyok sa Kanya sa mabagsik na pagkilos ay tunay na nakaugat sa aral ng Lumang Tipan. Ang pagseselos ng Diyos base sa pagmamahal Niya sa Kanyang mga tinubos sa malaking halaga, nagpapakilos sa Kanya upang hatulan ang mga taong ito. Sa Nahum 1:2 "Si Yahweh ay Diyos na mapanibughuin; naghihiganti siya sa kanyang mga kaaway at inilalaan ang Kanyang poot sa mga kalaban." Ang LT ay puno ng mga talata tungkol sa paninibuho na nagbubunsod sa Diyos upang lipulin ang mga tao ng Diyos di tapat sa Kanya.⁵ Ang babala ng 1 Corinto 10:22 ay nagpapaalala ng katuruang ito.

Karaniwang estratehiya sa LT upang tutulan at tuligsain ang idolatria ay ang mga mapanlait na mga argumento na inilalarawan ang mga imahen na mahina at mapanlinlang. Mga pangunahing halimbawa nito ay Awit 115:4-8; 135:15-18; ang mga salita ni Elias,⁶ ang panalangin ni Ezequias⁷ at lalo na ang mga Propeta.⁸ Ang mga halimbawang ito ay nagpapakita ng kalikasan na madaling masira at mawala ang mga imahen, ito'y galing sa tao (sa isip at kakayahan ng taong gumawa) at walang buhay at iginigiit na ang pagsamba sa diyos-diyosan ay magbubunga lamang ng kabiguan at kahihyan ng mga nagtitiwala dito. Habakuk 2:18-19 Naglalaman ng lahat ng ganitong mga elemento.

Ang karaniwang salitang Griego na ginagamit para sa diyos-diyosan ay, *eidolon*, na ginamit humigit 100 beses sa LXX (Septuaginta), ginagamit ito sa ganong polemiko at epektibong salita ng panunukso o panunuya. Ang matibay na pagkakaugnay ng salitang ito sa pagiging walang kabuluhan at kasinungalingan ay nagbibigay ng mapanuyang paghatol sa paglalarawan ng pagsamba sa mga imahen. Makikita ito sa mga turo ni Pablo sa Roma 1:18-32 at sa 1 Corinto 12:2 ('diyos-diyosan na di makapagsalita'). Ang sumamba sa imahen ay isang pagkakamali at kahangalan (ihambing 1 Tes.1:9-10; Gawa 14:15; at lalo na 1 Jn.5:21 na ipinapakita ang pagkakaiba ng tunay at buhay na Diyos sa mga

⁴ Gawa 7:41-43; 17:31; Romans 1:18-23; 1 Cor.5:10-13; 6:9; 10:5-8, 22; Gal.5:19-21; Efe.5:5-6; Col.3:5-6; 1 Pet.4:3-5; Apoc.2:20-23; 14:9-11; 16:1-2; 19:20; 21:8; 22:15

⁵ Cf. Dt.6:14-15; Jos.24:19-20; Awit 78:58-64; Zp.1:18

⁶ 1 Hari 18:27

⁷ Is.37:17-20; 2 Hari 19:16-19

⁸ Hab.2:18-19; Jer.14:22; 10:3-4; Is.44:9-20; Ho.8:4-6

diyos-diyosan). Kung paghahambing, ang karaniwang Griegong termeno sa sinasambang imahen ay, *agalma*, ay may kaugnayan sa mga salitang kasiyahan at kagandahan. Pagkamuhi at pagdusta sa pagsamba sa mga diyos-diyosan ay inilalarawan din sa mga salitang mapanglait na ginagamit na paglalarawan sa ganitong uri ng pagsamba. Ang mga imahen ay 'maruming bagay', karaniwang bansag ni Ezekiel, "ahina/walang kabuluhan," 'walang halaga', at 'walang kuwenta' o 'walang laman'. Ang mga Israelita ay di lamang iiwas sa pagsamba sa mga imahen; ang mga salitang ginamit sa pagbabawal dito ay madamdamin at napakahalaga; dapat labis silang masuklam at mamuhi sa mga diyos-diyosan ng mga ibang bansa (Dt.7:25 at mga susunod na talata).

Ang mahigpit na panawagan sa mga Judio na umiwas sa impluwensiya at katuruan tungkol sa pagsamba sa diyos-diyosan at makompromiso sa ganitong uri ng pagsamba ay malinaw na malinaw sa aklat ni Daniel na kung saan ang masaganang pagkain na inihain sa mga diyos-diyosan ay iniwasan ng propeta (kabanata 1). Ang kabanatang ito ay sinundan naman ng kaniyang mga kaibigan na hindi yumukod at sumamba sa gintong imahen ng hari (kab.3) at ang pag-ayaw ni Daniel na manalangin sa hari (kab.6). Ayon sa aklat ni Daniel ang mga makalupang kaharian ay maglalaon at lilipas at magbibigay daan sa magpasawalang-hanggang kaharian ng isang Tunay Na Dios (tignan 2:44; 4:3, 34; 6:26; kab.7)

Hindi lang ang pagsamba sa diyos-diyosang ang kasalanan at isa sa pangunahing bisyo ng mga pagano, kundi, ang pagsambang ito ay nagpapakilala

[p.23]

sa mga pagano, ang uri ng pamumuhay ay ipinapakilala ng ganitong pagkakasala. 1 Tesalonika 4:3-5, basahin kasunod ang 1:9, ay mga naunang patotoo ni Pablo tungkol dito. Ang pagpapakilala sa mga pagano sa kanilang tatlong pangunahing kasalanan; imoralidad, idolatria, at kasakiman ay paulit-ulit sa mga listahan ng mga kasalanan isinulat ni Pablo. Karagdagan pa, ang tatlong kasalanan ito sa mga sulat ni Pablo ay kinikilalang dapat na labis na pakaiwasan (1 Cor.6:18; 10:14 at Tim.6:11). Sa Roma 2:22 alam na ni Pablo na nasusuklam at namumuhi ang mga Judio sa mga imahen. Ang paglaban sa mga diyos-diyosan at nagpapakilala sa mga tao ng Diyos, kung titingnan ang malawak pang balangkas ng pagkakilanlan at pag-papakilala sa kanilang sarili. Upang ipakilala kung ano ang paninindigan ng mga tao ng Diyos, talagang labis silang gumagawa ng paraan upang ipakilala rin naman kung ano ang kanilang nilalabanan.

Ang Pagsamba Sa Mga Diyos-diyosan

Ang malinaw na pagkakaiba ng relihiyon ng Israel mula sa kanilang mga kalapit bayan ay ang pagbabawal sa pag-gamit ng imahen.⁹ Yamang sa Deuteronomio 4:12-18 ipinapaliwanag na pinili ng Diyos na ipahayag ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Salita kaysa sa anyo, sa Isaia 40:12-18 ang katwiran ginamit ay ang pagiging kakaiba o hindi maihahambing na katangian ng Diyos ay maituturing na anumang anyo ay di sapat para kumatawan sa Kanya. Hindi maikakaila sa maraming pagkakataon ang bansang ito ay nabigong tumupad sa Ikalawang Kautusan (tignan hal.

⁹ Ex.20:4; 23; 34:17; Lev.19:4; 26:1; Dt.4:15-19,25; 5:8; Jer.10:3-5; 11:10-13

Ang gintong baka sa Ex.32-34; Imahen ni Mikas sa Hukom 17-18; at ang baka ni Jereboam sa 1 Hari 12:28-34).

Sa pagtatalakay ng paksang idolatria humaharap tayo sa problema ng pagbibigay kahulugan, sapagkat ang termenong ito ay nangangahulugang pagsamba sa mga imahen o pagsamba sa ibang mga dios. Maaaring tanggapin ang dalawang kahulugan na ito. Ang ikalawang kautusan ay nagpapalawak o tumutukoy sa unang kautusan. Lalo na sa pang-unawa ng Israelita, ang dinodiyos ng mga pagano ay nananahan sa kanyang imahen¹⁰

Ang pagkakaiba ng pagbabahagi ng Sampung Utos ay napapatunay ng napakalapit na relasyon ng Una at Ikalawang Utos. Bagamat ang tradisyonal na pagbabahagi ng mga Judio na ang unang Utos ay ang panimulang talata bilang Unang Utos at ang pagbabawal na sumamba sa ibang diyos at pagsamba sa imahen ay ang Ikalawang Utos. Sila Agustino, ang Romano Katoliko at Tradisyong Luteran ay itinuturing na ang dalawang ito ay ang Unang Kautusan. Sa maraming pagkakataon ang mga manunulat ng Lumang Tipan ay nagpapakita na walang kakaibahan ang pagsamba sa ibang diyos, at ang pagsamba sa imahen at pagsamba sa Panginoon na may gamit na mga imahen. Bagamat ang pormal na paghihiwalay ng pag-unawa sa pagkakaroon ng ibang mga diyos at pagkakaroon ng imahen ay maaari at makakatulong, lalo na sa pagsasaliksik pa sa aral tungkol nahuling sinabi. Para sa ating layunin ang idolatria ay may mas malawak na kahulugan kasama ang mga material patungkol sa dalawang kautusan.

Sa pagtupad sa unang kautusan inaasahan na ito ay magbubunsod sa pagsunod sa lahat ng kautusan, kaya naman ang pagsamba sa diyos-diyosan ay itinuturing na magtutulak sa paggawa ng iba pang mga kasalanan (Rom.1; tingnan din Karunungan Ni Solomon 14:27: 'pagsamba sa imahen...ay pasimula at dahilanan at patutunguhan ng lahat ng kasamaan'), kasama na at partikular na ang imoralidad. Nangangahulugan ang kaugnayan ng imoralidad at idolatria ay talagang

[24]

Matibay. Ang mga templo ng mga pagano ang sentrong pinagdadausan ng mga mahahalay na gawain. Prostitusyong pangrelihiyon ay ginagawa ng mga kulto ng sinaunang paganong relihiyon sa Malapit Na Silangan at naging sanhi ng problema sa Israel sa oras ng sila'y nakapasok sa Lupang Pangako (Bilang 25:1; ihambing Hukom 2:17). Ito ay naging laganap din sa Judah at Israel sa panahon ng Nahating Kaharian mula kay Rehoboam, 1 Hari 14:24 hanggang kay Josias, 2 Hari 23:7. Ayon sa Exodo 34:11-16 ang paglipol sa naninirahan sa lupain ay ipinag-utos sa mga Israelita upang maiwasan nila ng ganung gawain. Deuteronomio 23:17 ipinagbabawal ang prostitusyong pangrelihiyon sa Israel (ihambing Am 2:7). Prostitusyon pang relihiyon na idinadaos na parang pista ay malinaw na pinapatunayan sa mga lugar gaya ng Corinto at binanggit pa sa Lumang Tipan.

¹⁰ Tignan Ex.20:23, 'mga diyos na pilak' at 'mga diyos na ginto'; 32:31 'gintong mga diyos', Lev.19:4, 'tinunaw na mga diyos'; Jos.24:14, 'alisin ang mga diyos', 2 Hari 17:29; 19:18, 'alisin ang mga di kilalang diyos'

Karaniwang sa Malapit na Silangan na maganap ang walang habas na kahalayan sa mga pistang pagano. Hoseas 4:13-14 maaaring pumapatungkol sa ganun gawain, na ang mga alay sa bundok, na maaring paganong altar, at prostitusyon ay sabay na ginagawa. Iba pang mga halimba sa Lumang Tipan ay sa Bilang 25:1 at mga sumusunod na talata, na kung saan pinatay ni Pineas si Zimri dahil sa imoralidad, ito'y nangyari habang may nagaganap na paganong pag-aalay, sa Isaias 57:3 at mga sumusunod na talata, Jeremias 2:20; 3:6 (ihambing 2 Macabeo 6:4-5) Sa Hukom 21:19-23 maging ang pista sa Panginoon sa Shilo ay naging pagkakataon sa mga Benjaminita na sapilitang kumuha ng asawa. Ang paglalarawan sa kulto ng pagsamba sa gintong guya ay maaring halibawang tinularan ng pangyayaring iyon (Ex.32). Habang may nagdidiwang ang mga 'tao ay naupo upang kumain at uminom at bumangon upang magkatuwaan' (Ex.32:6). Ang pandiwang 'upang magkatuwaan' sa Hebreo ay yupimismo ng gawaing sekswal. Ayong sa mga pagano at cristianong manunulat ang pista at sekswal na imoralidad ay di maiiwasang magkasama. Di mapagkakaila na ang talakayang tungkol sa pagkain ng mga diyos-diyosan 1 Corinto 8-10 ay kasama ang problemang sekswal na imoralidad. Ang sagot ni apostol Pablo sa problemang prostitusyon sa 1Corinto 6:12-20 ay dapat basahin sa ganitong kontekto. Lumalabas na may mga cristianong kumakain sa mga templo ng mga pagano at maaring gumamit din ng mga *prostityut* habang nasa templong iyon at sinasabing 'lahat ng bagay ay maari naming gawin' (6:12; 10:23). Gaya na sinabi 'bumangon at magsaya' sa 1 Corinto 10:7, na nagpapaalala sa pagyayari sa Exodo 32:6, ay maaaring tumutukoy sa prostitusyong nagaganap sa mga kapistahan sa loob ng templo ng mga pagano. Ang mga talata ng Pahayag 2:14 at mga sumusunod na talata ay nagbibigay na sapat na patunay sa ganon gawain sa Asia Minor: Ang iglesia sa Pergamo ay nagkasala sa pagkain ng mga pagkain inihandog sa diyos-diyosan at imoralidad. Ang mga ito ay naglalarawan lamang na malapit na relasyon ng imoralidad at pagsamba sa diyos-diyosan.

Ang Konseptong Idolatria

May ilang teologo ang nagbibigay ng kahulugan ng idolatria o pagsamba sa diyos-diyosan sa mga termenong ang mga di-tiyak o dependeng bagay (contingent) ay nagiging ganap (absolute). Para kay Reinhold Niebur, halimbawa, nangyayari ang idolatria o pagsamba sa diyos-diyosan kung 'nagbibigay tayo ng sakdal at ganap na kahulugan sa mga kapangyarihang di tiyak at di ganap'. (178)¹¹ Sa katunayan, binigyan kahulugan ni Niebuhr hindi lang ang idolatri kundi rin naman ang kasalanan mismo sa mga terminong "ang kasalanan ay pag-iisip na walang kabuluhan na kung saan itinatago ng tao kanyang kondisyonal, di-tiyak, at umaasang pagkatao at nagsisikap na ipakitang siya ay sakdal at maaring mabuhay mag-isa"¹² (137-138). Ang kasalanan ay nagbibigay ng sobrang pagpapahalaga sa isang bagay at pinapalitan ang Diyos sa isang banda. Ang pagiging malakas at mahina ng ganitong pananaw ng pagsamba sa diyos-diyosan ay dahil sa pagiging malawak na pagkakahulugan nito. Maaari itong ipakahulugan sa halos lahat ng bagay. Tawagin idolatria ang lahat ng kasalanan, maganda mang pakinggan, ay di nagbibigay katarungan sa iba't iba at lalim ng pagkakahulugan ng Biblia sa kasalanan. Paglabag, walang kautusan, karumihan, at kawalan ng pa-ibig ay ilan lamang sa maraming paraan ng Kasulatan kung paano nito inilalarawan ang ibang anyo

¹¹ Reinhold Niebuhr. *The Nature and Destiny of Man. Volume 1; Human Nature?* Sa London 1941 muling nilimbag sa Westminster/ John Knox 1997.

¹² Niebuhr, *The Nature and Destiny of Man, Volume 1; Human Nature.*

ng kasalanan. Sa Roma 1 di itinuturing na ang idolatria ay ang modelo ng iba pang kasunod na kasalanan, ngunit ang pag-gawa mismo ng kasalanan, at dahil dito ay hinayaan ng Diyos sa pag-gawa ng iba't ibang mahalay na gawain, na siyang naging karampatang kaparusahan sa pag-iwan sa Diyos, at pagsamba sa diyos-diyosan. Sa pagsubok na mabigyan kahulugan ang idolatria ang mga teologo tulad ni Niebuhr ay gumamit ng *taas-pababang kaparaanan*, nakatuon sa Diyos bilang sakdal at ganap. Iba pang kaparaanan ay *mula ilalim pataas*, tinitignan nito kung ano ang ginagawa ng mga sumasamba sa diyos-diyosan, sa kanilang imahen, kung ano ang hatol sa mga gumagawa nito, at saan inihahambing ang idolatria.

Dalawang Modelo ng Idolatria

Ang Biblia ay gumagamit ng mga talinhagang antropomorfiko upang ipaliwanag kung paano makipag-ugnayan ang Diyos sa tao. Ang Diyos sa ibat-ibang aspeto ay hari, ama, lalaking ikakasal, babae na manganganak, hukom at iba pa. Ang mahalagang talinhagang ginagamit at pamilyar na konsepto patungkol sa idolatria sa Lumang Tipan ay ang relasyon ng mag-asawa. Ang paglalarawan sa pagsamba sa diyos-diyosan gaya ng kasalanan sexual ay ipinakilala sa unang limang aklat ni Moises (Ex.34:15-16) at laging ginagamit sa mga Propeta, lalo kanila Oseas, Jeremias, at Ezekiel. Karaniwan sa pag-gamit ng mga imahen ay ang kaisipang na ang Israel ay ikinasal sa Diyos, ngunit ang bayang ito ay nagtaksil sa kanyang asawa. Ang pinagtasilang asawa ay nakakaranas ng masidhing pagnanasang maghiganti at magrubdob na pagnanasang maibalik ang kanyang minamahal na asawa. Kung inilarawan ni Oseas ang idolatria bilang prostitusyon, mas lalo na ang deskripsyon ni Ezekiel na ang gawaing ito ay kalibugan. Gayunpaman, hindi lang relasyon ng mag-asawa ang modelo ng idolatria sa Lumang Tipan.

Isa pang paglalarawan sa idolatria ay makikita sa aklat ng mga Propeta, walang iba kundi ang modelong politikal na ipinapakilala ang Diyos bilang Hari, at ng mga tao ay napapailalim sa Kanya. Kung itinuturing na asawang lalaki ang Diyos ninanais Niya ang nakatuon na pag-ibig at debosyon, bilang hari hinihingi Niya ang pagtitiwala at pananalig sa Kanyang kakayahang magpatnubay at magprotekta sa kanyang mga nasasakupan, at ang mga ito naman ay dapat magkaroon ng tapat na paglilingkod, at pagsunod. Ang pagpili sa dalawang modelong ito, ang pagiging asawa at hari ng Diyos ay lalo pang pinatibay sa literal na kaugnay na pangyayari. Prostitusyong nagaganap sa templo at labis na pagkilala sa mga lider ay lalo pang naging angkop o akmang-akma ang dalawang modelong ito.

[26]

Nang ang mga Israelita ay humiling ng hari sa 1 Samuel 8, nalungkot si Samuel at nanalangin sa Panginoon. Ang sagot ni Panginoon sa 8:7-9 ay ipinagkumpara ang pagtatakwil nila sa paghahari ng Diyos sa idolatria. Gayondin sila propeta Isaias, Jeremias at Ezekiel ay mga tumuligsa sa kasunduan ng Israel sa mga bansang Asiria at Ehipto na ang mga terminong ginamit ay hatol na idolatria, bagamat walang literal na pagsamba sa imahen ang naganap. Isaias 31:1-3 tinuya ng propeta ang bansang Israel sa kanyang kasunduan sa Ehipto dahil sa pananakot ng Assyria. Ang paghingi ng tulong sa Ehipto ay itinuturing na pagsamba sa diyos-diyosan. Dahil ang Diyos ang hari ng bansang Israel, ang bansang ito ay kailangan humingi ng proteksyon sa Kanya lamang. At ang paghingi ng tulong sa iba ay maituturing naring paghahanap ng ibang diyos ('ang Ehipto ay mga tao at di

Diyos'). Sa Isaias 30:7 inilarawang ang tulong ng Ehipto laban sa Asiria bilang 'walang kabuluhan' tulad ng salitang ginamit sa Isaias 57:13 at Jeremias 2:5 ginamit upang hatulang ng idolatria ang mga ninuno. Sa ganon ding kaparaanan sa Jeremias 2:17-19 inilarawang ang mga kasunduan sa Ehipto at sa Asirya bilang pagtatakwil sa Diyos para humanap ng iba. Ang bansa ay nagkasala ng idolatria sapagkat siya ay humanap ng proteksyon, nagtiwala, at umasa sa iba liban sa Diyos. Sa Ezekiel ang modelong politikal at relasyong mag-asawa ay pinagsama. Ang mga kasunduan sa ibang bansa ay inihalintulad sa pagtataksil sa asawa; '26Ikaw ay naging bayarang babae rin sa mga Ehipcio na iyong mahalay na kalapit-bayan, at pinarami mo ang iyong pagiging bayarang babae upang ibunsod mo ako sa galit' (Ezekiel 16:26). '28Bukod dito, ikaw ay naging bayarang babae rin sa mga taga-Asiria, sapagkat ikaw ay hindi nasisiyahan. Oo, ikaw ay naging bayarang babae rin sa kanila, at gayunma'y hindi ka nasiyahan' (Ezekiel 16:28). Sa ganitong pagkakataon ang paghingi ng tulong sa ibang bansa ay ikinumpara sa kataksilan at ang relasyong ng Dios bilang Hari at ng bansa gaya ng mag-asawa.

Sa Kanyang trono ang Diyos ay naghahari sa buong mundo, kasama ang dalawamput-apat na matatanda na nakaupo sa mga trono na may mga korona, na naghahari sa kaitaasan, namumuno sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, ang deskripsiyong ito ng aklat ng Apokalipsis ay hindi kukulangin sa politikal na paglalarawan. Ipinapakita ng aklat na ito na ang Diyos ay naghahari sa mundo laban sa Emperio ng Roma na gaya ng ibang politikal na pamahalaan noong unang panahon, na ipinapakita ang kanyang kapangyarihan sa mga salitang pangrelihiyon, nagpapahayag sa kanyang sarili ng sakdal, kataas-taasang at maladiyos na paghahari sa buong mundo. Ang kanyang pambansang relihiyon ay ang pagsamba sa kanyang Emperador at mga kinaugaliang diyos-diyosan ng Roma, at ipinapahayag ang katapatang politikal sa pamamagitan ng pagsamba (ihambing Bauckham).¹³ Ipinapahayag ng aklat ng Apokalipsis ang pagpili sa teosentrikong pananaw sa sanglibutan, tumutukoy lagi sa pagsamba sa grapikong paglalarawan sa mga labanan ng mga pamahalaan o kapangyarihan. Mga sulyap sa pananambahan sa langit na nagbibigay diin sa balita ng tagumpay ng Diyos laban sa maling uri ng pagsamba sa lupa. Tinatawagan nito ang mga Cristiano na umiwas sa pagsamba sa kapangyarihan militar at politikal, na kinakatawan ng halimaw, at ng kasaganahang pang ekonomihya, ng Babilonia (tignan sa Pahayag 18:12-17) at ang Tunay na Diyos lamang ang sambahin at mamuhay lamang sa Kanyang pamumuno.

Ang mga tekstong na may mga terminong 'maglingkod' at 'sumamba' ay nagbibigay ng malinaw na ibedensya na ang mga sumasamba sa diyos-diyosan (at maging ang mga mananampalataya) ay sumasamba at sumusunod sa kinikilala nilang diyos. Kahit ang mga salitang patungkol sa mga ritual ng pananambahan ay nagpapakita ng hindi lamang ritual na gawain. Pagsinabing ang mga tao

[27]

Na naglilikod kay Baal (Hukom 10:6-10, at iba pa) o sa ibang mga diyos (Hukom 10:13, at iba pa) o sa Panginoon (Hukom 10:16 at iba pa) ang mga termino ay tumutukoy di lamang sa natatanging relasyon kundi sa buong buhay na pagtatalaga at, ang resulta, ay pagsunod. Na ang paglilingkod sa

¹³ Richard Bauckham, *The Theology of the Book of Revelation*, CUP. 1993

isang diyos kasama dito ang pagsunod sa kanilang mga inuutos ay malinaw sa mga talatang Mateo 6:24/ Lukas 16:13 na kung saan ang 'palilingkod' ay ibinibigay sa isang panginoon at ang salitang ginagamit ni Pablo dito ay 'manikluhod',¹⁴ ay kasingkahulugan ng pagsamba.

Bagamat mahirap gawing simple ang katuruan ng Biblia tungkol sa idolatria, isang elemento ang karaniwan sa dalawang modelo, ang relasyon ng mag-asawa at politikal, ay mahalaga. Sa dalawang ito ang kaisipang pagiging *natatangi (exclusive)* ay pinakamahalaga: sa isa, ang natatanging o eksklusibong pagmamahal at pag-ibig ng asawa sa kanyang asawang lalaki: ang isa nama'y natatangi o eksklusibong pagmamay-ari ng hari na magbigay proteksyon, at magpatnubay sa kanyang nasasakupan at siya naman ay tatanggap ng kanilang pagtitiwala at pagsunod. Samakatuwid, ang idolatria ay ang konsepto na taliwas at ang paglaban sa natatanging karapatan ng Diyos sa ating pag-ibig, pagtitiwala at pagsunod ng mga tao.

Kasakiman Bilang Pagsamba Sa Diyos-diyosan

Sa ganitong mga pagkakahulugan, ano ang matatawag nating idolatria o pagsamba sa diyos-diyosan? Bagamat maraming posibleng sagot, kasama na ang kapalaluan, ang Bagong Tipan ay isa lang ang sinasabing idolatria, na hiwalay sa literal na pagsamba sa mga imahen, ito ay ang kasakiman. Ang kahatulan na kasakiman ay isang uri ng idolatria ay makikita sa apat na puntos. Ito ay mababasa sa Colosas 3:5 ('at ang kasakiman na isang uri ng pagsamba sa diyos-diyosan.'), Efeso 5:5 ('... sapagkat ang kasakiman ay isang uri ng pagsamba sa diyos-diyosan.'), at may implikasyon aral tungkol sa kayamanan sa mga talata ng Mateo 6:24 at Lukas 16:14. Kung ang pagsamba sa tiyan sa Roma 16:18 at Filipos 3:19 ay tumutukoy sa pagkaabala ng mga Judio sa mga kautusan sa pagkain at pagtutuli, makalaman, pagiging makasarili or katakawan o kung papalawigin pa ay pagiging sakim ay di malinaw. Bagamat di tuwirang sinasabing ang kasakiman ay idolatria, ang dalawang kasalanan na ito ay ipinaghambing sa katangian at kaseryosohan sa Job 31:24-28. Paulit ulit na nagbabala si Philo ng Alexandria patungkol sa idolatria at pag-ibig sa salapi nagpapakita na ang konseptong ito ay nagmula rin sa mga Judio. Ayon kay Philo ang unang kautusan ay 'talagang nagbabawal sa mga maibigin sa salapi na nagsisikap na kumuha ng mga salaping ginto at pilak sa bawat sulok ng mundo at kayamanang kanilang itinatago gaya ng isang imahen sa loob ng sanktuaryo, at pinaniniwalaang pinagmumulan ng biyaya at ng iba't ibang kasiyahan.' (*On The Special Laws 1:21-22*).

Sa anong paraan na naging idolatria ang kasakiman? Ang konteksto ng Mateo 6:24 ay nagbibigay ng malinaw na suporta sa kaisipang ito, na ang pagsamba sa kayamanan sa halip na sa Diyos ay may nakapaloob na pag-ibig at debosyon, sa pag-gamit ng ganitong mga pananalita na may paglilingkod at pagsunod sa kalabang may-ari o panginoon. Nagpapakahulugan ito ng negatibong hatol sa pagtitiwala sa kayamanan sapagkat ang talatang 24 ay malinaw itong inilalarawan, sa 6:25-34, na nagtuturo naman tungkol sa mga ibon at mga halaman upang mag-udyok ng pagtitiwala sa patnubay at pagkalinga ng Diyos.

Isa pang indikasyon na ang mga sakim ay sumasaba sa diyos-diyosan dahil mahal nila, at pinagkakatiwalaan, at pinaglilingkuran ang salapi sa halip na ang Diyos. Ang mga sakim

¹⁴ Roma 11:4; 14:11; Efeso 3:14; Filipos 2:10

[28]

Ay may kahatulan sa Biblia partikular na ang maling uri ng pag-ibig, maling lugar ng pagtitiwala at mga ipinagbawal na paglilingkod. Kung tutuusin ang totoong kasingkahulugan ng salitang ‘kasakiman’, *pleonexia*, sa malawak na pagkagamit ay ‘pag-ibig sa salapi’, *filarguria*,¹⁵ ang pagkaunawa nito ay ipinapahayag sa anyo ng pagbibigay payo (halimbawa Heb.13:5; ‘5Huwag kayong magmukhang pera; at masiyahan na kayo sa anumang nasa inyo...’). Karagdagan pa rito sa Lumang Tipan ang mga mayaman ay kailangang ‘huwag ituon ang puso’ intrumentong espiritual para sa pag-ibig at debosyon, sa kanilang yaman (Awit 62:10; ihambing 2Pedro 2:14). Sapagkat ang gayong pag-ibig ay para lamang sa Panginoon, ito’y ipinahayag sa T.Ni Benjamin 6:1-3: ‘ang mabuting tao..ay di nag-kakamal ng yaman dahil sa pag-ibig sa kasiyahan...ang Panginoon ang kanyang mana.’

Maraming mga talata sa kasulatan hindi lang pumapansin sa mga mayaman na nagtitiwala sa kanilang yaman, kundi nagbababala rin naman laban sa gayong pagtitiwala na salungat at di katanggpa-tanggap na kapalit sa pagtitiwala sa Diyos. Pinaratang ni Jeremias ang bayang Israel sa pagtitiwala sa kanilang kuta at kayamanan sa 48:7.¹⁶ Sa Awit 52:7 nagsasabing ang ‘hindi kumakanlong sa Panginoon ay nagtitiwala sa kanyang dakilang yaman’ (ihambing sa 49:13,15). Sa Kawikaan ‘ang kayamanan ng mayayaman ay ang kanilang matibay na moog’ (10:15) at ‘ang matibay na siyudad’ (18:11); ngunit ‘Malalantang tila dahon ang nagtitiwala sa kanyang yaman,’ (11:28). Sa kabilang dako, Ang Diyos ang tanging pinagkakatiwalaan ng mga mahihirap at mga kapos palad (Mga Awit 34:6; 40:17¹⁷). Sa Kawikaan 18:10-11 ipinagkukumpara ang pagtitiwala sa Diyos at sa salapi. Sa Kawikaan 28:25 ‘ang taong sakim’ ay inihambing sa ‘taong nagtitiwala sa Panginoon’.

Ang ganon katuruan ay nadala rin sa Bagong Tipan kung saan ang talinhaga tungkol sa Mayamang Hangal sa Lukas 12 ay nagbababala sa lahat na nagsisikap magkamal ng kayamanan bilang paraan ng kasiguruhan sa buhay at sa 1 Timoteo 6:17 nagbibigay payo sa mga mayaman na huwag magtiwala sa kayamana kundi sa Diyos. Ang kaisapang ito na magtiwala sa Diyos at hindi sa yaman o salapi ay mababasa sa maraming pagkakataon sa Bagong Tipan.¹⁸ Sa Hebreo 13:5-6 pinapalakas ang mambabasa na huwag ibigin ang salapi, at manangan sa pangakong tulong ng Panginoon, na nagpapahiwatig na ang pananampalataya sa Diyos ang dapat na maging kasiguruhan sa buhay at hindi ang salapi.

¹⁵ Halimbawa Lukas 16:14; 1Tim.3:3; 6:10; 2Tim.3:2

¹⁶ Ihambing ito sa 22:21; 49:4; EA.28:4-5; Oseas 12:7-8

¹⁷ Ihambing 68:10; 86:1; Is.66:2

¹⁸ Halimbawa sa initutos sa mga alagad sa kanilang misyon (Markos 6:8-9); sa kuwento ng babaeng bala na nagbigay ng kanyang alay (Mk.12:41-44); ang pagtawag kay Mateo at Pedro na iwan lahat at sumunod kay Jesus (Mk.1-18-20; Lk.5:28); ang halimbawa ni Zakeo (Lk.19:1-10); ang panawagan na mag-ipon ng kayamanan sa Langit at di sa Lupa (Mateo 6:19-21) at lalong lalo na sa Mateo 6L25-34, ang bersyo nito sa Lukas ay sinimulan sa pamamagitan ng talinhaga tungkol sa Mayamang Hangal (12:13-34)

Ang mga patunay na ang mga sakim ay naglilingkod sa kayamanan ay di ganon kadirekta. Ang ipinapahiwatig ng Biblia ay ang palagian nitong pagkondena sa mga sakim sa kanilang pagpapabaya sa katarungan at ang kanilang pagmamalupit sa mga mahihirap. Karagdagan dito ang kaisipang, ang kasalanan ay isang kapangyarihan nakakaimpluwensiya ay makikita sa Juan 8:30-36 at Roma 6. Sa mga katuruang moral ng mga Judio sa Testamento ni Judah 'ang pag-ibig sa salapi ay laban sa kautusan ng Diyos at nag-aalipin sa isang tao.' Ang pagiging sakim ay kasalanan idolatria sa kadahilanang ito ay pagsalungat sa natatanging karapatan ng Diyos sa pag-ibig ng tao, sa kanyang pagtitiwala at pagsunod.

PANGWAKAS

Pangunahing tanong sa pag-aaral tungkol sa Diyos ay, ano ang ibig nating sabihin sa salitang diyos, ay masasagot sa iba't ibang angulo sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa iba't ibang relasyong ng Diyos sa sanglibutan, at sa ating sarili. Di inaasahan, ang pag-aaral ng paksang idolatria ay nagbibigay sa ating ng ilang pang-unawa tungkol sa kalikasan ng Tunay na Diyos. Ano ang Diyos? Sagot ni Martin Luther

[29]

sa kanyang pagbubulay-bulay sa unang kautusan sa kanyang mas malaking katekismo, ay 'anoman ang pinanghahawakang ng iyong puso at sa'n man ito nananangan, ito ang iyong Diyos; Pagtitiwala at pananalig lamang ang makakagawa ng Diyos o diyos-diyosan sa iyong puso'. Nais nating patunayan ang kanyang pananaw, ngunit nais ding bigyan diin ang aspeto ng pag-ibig at paglilingkod: ang isang diyos ay ang iniibig, pinagkakatiwalaan, at pinaglilingkuran ng higit sa lahat. Ang ganitong kahulugan ay nag-aanya ng posibilidad at kahalagahan ng paglilinaw sa mahalagang ugnayan ng idolatria sa modernong panahon.

Sa isang banda ang pagsamba sa diyos-diyosan ay isang sakit ng sangkatauhan at ang mabuting Balita ang kagamutan. Sa kaibuturan nito, ang problema ng mga tao ay hindi horisontal o 'sosyal' na mga suliranin (gaya ng imoralidad at kasakiman), ngunit ang rebelyon laban sa Diyos at pagpapalit sa tunay at buhay na Diyos tungo sa mga diyos na magbibigay kabiguan (na naghahatid sa atin sa mapangwasak na kasalanan). Kung ang kasaysayan ng sangkatauhan ay malungkot na kuwento ng iba't ibang anyo ng pagsamba sa diyos-diyosan, na siyang pinaka mataas na antas na kahangalan ng tao, ang magandang balita ay muling ibinabalik ng Diyos ang ating relasyon sa Kanya sa pamamagitan ni Cristo. Kaya naman hindi isang aksidente lamang na makita ng mga propeta na darating ang panahon na ang pagsamba sa mga diyos-diyosan o imahen ay tunay at tiyak na malilipol at lubusang mabubunot at mapapalitan ng tunay na pagsamba.

BIBLIOGRAPIYA

Richard Bauckham, *The Theology of the Book of Revelation* (CUP, 1993).

Edward M. Curtis, 'Idol, Idolatry', *Anchor Bible Dictionary* 3:376-381 (Doubleday Image, 1992).

Brian S. Rosner, “Ang Konseptong Idolatria o Pagsamba Sa Diyos-diyosan” *Themelios* 24:3 (May 1999; 21-30)

Moshe Halbertal and Avishai Margalit, *Idolatry* (Harvard University Press, 1992).

Reinhold Niebuhr, *The Nature and Destiny of Man*. Volume 1: Human Nature (? In London 1941)

Vinoth Ramanchandra, *God that Fail: Modern Idolatry and Christian Mission* (Paternoster Pres, 1996)

Brian S. Rosner, *Greed, the Second Idolatry: The Origin and Meaning of a Pauline Metaphor* (forthcoming; Tübingen).

‘*Temple Prostitution*’ in 1 Corinthians 6:12-20’, *Novum Testamentum* 40.4 (1998); 336-51

© 1999 Brian S. Rosner. Muling inilimbag na may pahintulot sa may akda.

Inihanda para sa Web noong Nobyembre 2006 ni Robert I. Bradshaw.

Isinalin sa Tagalog ni Eduardo ”Jhun” Ma Jr

<http://www.biblicalstudies.org.uk/>